

Katawan at Kapangyarihan: Isang Pagbakat sa Babae sa Epiko ng Suban-on at Tboli

*Body and Power: Tracing Womanhood in
the Suban-on and Tboli Epics*

MARICRISTH T. MAGALING

Bulacan State University
maricristh.magaling@bulsu.edu.ph

Abstrak

Layon ng papel na ito na suriin ang representasyon ng katawan ng babae sa piling epikong-bayan ng mga Suban-on at Tboli. Sa pagsasagawa ng makababaeng pagbasa, tinalakay dito ang katawan bilang lunan ng kapangyarihan at tunggalian. Sa paglalangkap ng teoretikal na lente ng kasaysayang kultural ng katawan at kasarian, sinipat ang mga epiko bilang midyum ng kolektibong alaala at alternatibong pagpapahalaga sa kababaihan. Natuklasan sa pag-aaral na ang kababaihan sa mga epikong ito ay hindi simpleng nakapiit sa tradisyonal at kolonyal na imahen ng kahinaan at kahirinhan, kundi ipinapakita bilang makapangyarihan, may kontrol sa sariling katawan at seksuwalidad, at aktibong tagapagtanggol ng komunidad. Nakita rin ang kahalagahan ng kalinangan sa pagpapahayag ng sariling identidad sa pamamagitan ng katawan at ang modelo ng pagkakaisa ng kababaihan sa harap ng pananakop at digmaan. Sa pagbakat ng mga

hinahamon ng papel ang dominanteng ideolohiya ng kasarian at muling binubuksan ang pananaw sa kababaihan bilang aktibong ahente ng kapangyarihan at pagbabago.

Abstract

This study examines how women were represented in selected folk epics of the Suban-on and T'boli communities. Employing a feminist reading, the body is discussed as a site of power and struggle. Through the theoretical lens of the cultural history of the body and gender, the epics are analyzed as mediums of collective memory and as alternative articulations of women's value. The study finds that women in these epics are not confined to traditional and colonial images of weakness and modesty; rather, they are portrayed as powerful, possessing control over their bodies and sexuality, and as active defenders of their communities. The research also highlights the significance of indigenous cultural practices in expressing personal identity through the body, as well as models of female solidarity in the face of colonization and war. By tracing alternative images of women in the epics, this paper confronts dominant gender ideologies and reopens the view of women as active agents of power and transformation.

Keywords: *Katawan (Body), Kapangyarihan(Power), Kasarian at Seksuwalidad (Gender and Sexuality), Makababaeng Pagsusuri (Feminist Criticism), Epikong Suban-on (Suban-on Epic), Epikong T'boli (T'boli Epic)*

Nagiging mahalagang pinagmumulan ng metapora ng organisasyon at disorganisasyon ng lipunan ang katawan (Turner 1996, 26). Nadadamitan ito ng sapin-saping simbolo na kumakatawan at nagpapahayag ng relasyon ng kapangyarihan. Para kay Foucault, ang kapangyarihan sa modernong panahon ay nakasentro sa katawan bilang makina—ang pagdidisiplina rito at ang integrasyon sa sistema ng episyenteng pang-ekonomiyang kontrol (1990, 139). Isang lipunang tila makinang nagluluwa ng mga katawang masunurin ang ideal na sitwasyon ng gayong disiplina—na lumilikha ng milyon-milyong lakas-paggawa na hindi magrereklamo sa suweldong hindi nakasasapat sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kani-kanilang pamilya.

Gayundin, ang representasyon ng katawan ay “hindi inosente” at nag-aangkas ng “kasaysayang kultural ng relasyong seksuwal” (Turner 1996, xii). Nakamarka rito ang tinatawag ni Taguiwalo na “nangingibabaw na ideolohiyang pangkasarian (*gender ideology*) sa lipunang masasalamatin sa hatian ng gawain batay sa kasarian at laganap na pananaw ukol sa mga katangian ng babae’t lalaki” (2007, 1). Ang katawan ng babae, kung magkagayon, ayon kay De Guzman ay “lunan ng paglalabanan” (2002, xiii). Nagiging lokasyon ang katawan ng mga tunggalian ng kahulugang nakabatay sa relasyon ng kapangyarihan. Tunay ngang ang pananakop sa katutubong katawan noong ika-16 siglo ay nagmarka nang malalim:

... Sumaklaw ito maging sa pagdadala natin ng ating katawan. Maging ang mga relihiyosong aklat noong panahon ng Espanyol ay nagbitbit ng mga panghihiikayat kung paanong ang katutubo, habang sinasansala ang natural niyang sigla, ay dadalhin ang kaniyang ulo, mga kamay, o paa, o gagamitin ang kaniyang mata o bibig. Tunay nga, nagkaroon ng epekto ang kolonyalismo hindi lamang sa ekonomiya o politika, kundi bumakat ito sa mga katawan. (sariling salin, Mojares 1997, 20)

Ayon kay Mojares, dahil sa pagpapakahulugan na iniaatang sa katawan, naging layon ito ng pagpataw ng mga pagbabagong kultural. Tumatagos hindi lamang sa laman kundi sa *psyche* ng tao ang pananakop na ito, aniya pa. Naging malaki ang papel ng relihiyon para sa sagad-sa-kaluluwang interbensiyong ito. Sa pagsusuri ni Brewer, ginawang “tarangkahan tungo sa impiyerno, isang bulag na instrumento ng pang-akit...simbolo ng tukso, kasalanan, at kasamaan” (Rovillos 2006, 74) ang katawan ng kababaihan na nagpatibay sa Europeo/kolonyal (Eurosentriko) na imahinasyon sa katawang naiiba sa kanila bilang *salvaje* at kanibal: “hubad na katawan, mahabang buhok, nakabahag (sa kalalakihan) at may pinta sa katawan” (74). Sa madaling sabi,

ang pangongontrol sa pamamagitan ng disiplina sa katawan ay nagkaroon ng malaking marka sa naging kalagayan ng kababaihan sa kasaysayan.

Sa kabilang banda, ritwal ang epiko sa katutubong buhay. Bahagi ito ng indayog ng buhay sa komunidad—ng siklo ng pagtatanim at pag-ani o ng pang-araw-araw na mga pangyayari. Isinasalaysay nito ang kasaysayan at pangarap na hinaharap ng lahi. Ani Castro (1984, 4), may pagsasalarawan ang epiko sa mga “lipunang lumikha sa kanila.” Behikulo ang epiko (Demetrio 1979, 9), kung magkagayon, sa pagbibigay-depinisyon sa kasaysayan ng isang indibidwal at ng kaniyang komunidad/bayan.

Kung gayon, ang epikong-bayan ay maaaring maging lunsaran para ukilkilin ang dalumat ng/sa katawan. Makababae ang ganitong tindig sa pagsusuri ng mga teksto. Bagaman, malay sa malaking pagkakaiba sa kontekstong panlipunan ng epiko at ng ideolohiya ng makababaeng pagsusuri. Sa ganitong postura, nilalayon ng papel na muling tuntunin ang mga posibilidad para sa kababaihan na mababakat sa panitikang bayan. Maaaring mahinuha sa paliwanag ni Tadiar hinggil sa pananaw ni Kintanar ang nais na idiskurso sa papel na ito na laya/kalayaan:

Babae is, in her view, the name of a prison made up of *de-kahong paglalarawan*, or confining portraits, which serve to represent only the traditional roles women play in a colonialist, patriarchal society. *Babae* is a prison house of images of beautiful, fragrant, shy and weak women, images that obscure and limit the human capacities and powers they actually and historically performed. (2002, 1)

Sa epikong-bayan ay maaari nating mabakat ang mga posibilidad ng katawan, hindi lamang para bigyan ng kumpirmasyon ang identidad kundi para mabakat natin ang mga pagpapahalagang alternatibo sa sinakop nating katawan at kaisipan.

May dalawang epikong napili sa pagsusuri sa papel na ito: ang epiko ng mga Suban-on at Tboli. Pinili ang mga ito bilang halimbawang teksto dahil nakita rito ng mananaliksik ang mga alternatibong pagpapahalaga sa babae.

ng guman ay iklinasipika bilang isang etnoepiko ng bansa (Malagar 1980, 261). Isa ito sa mga oral na tradisyon ng mga Suban-on na mga grupong matatagpuan sa probinsiya ng Misamis Occidental, Zamboanga del Sur, at Zamboanga del Norte (257). May ekstensibong pag-aaral sa organisasyong

panlipunan ng mga Suban-on ang isinagawa sa eryl ng Sindangan sa Zamboanga del Norte (Frake 1957, 2).

Nagmula ang salitang Suban-on sa salitang “suba” na ang ibig sabihin ay ilog at nangangahulugan ang Suban-on na mga naninirahan sa kailugan. Isinasalaysay ng 11 episode ng Guman ng Dumalinao ang pagtatanggol sa kanilang nagkahiwa-hiwalay na mga anak ng giliyan ng Dlyigan at Paktologon.

Samantala, ang epiko ng mga Tboli ay naipapasa sa pamamagitan ng helingon o pag-awit (Buhisan 1997, 57). Salitang-ugat ang helingon o lingon na tumutukoy sa awit ng *tao tuha gana* o ibig sabihin, tao ng sinaunang panahon kaya ang epiko ng mga Tboli ay tinatawag na Lingon Tuha Logi o Awit ng Matandang Lalake. Katulad ng iba pang epiko, inaawit ang epiko ng mga Tboli. Apat na awit karugtong ng epiko ang naitala ni Buhisan na susuriin dito: ang “Kemukul Laendo Nga Logi” (Si Kemukul Walang Anak na Lalake) na inawit ni Ramon Kebil, si “Nga Lindun at Tudbulul” na inawit ni Ye Nita, “Si Lemfayan Kdaw at si Tudbulul” (Si Lemfayan sa Ilalim ng Araw at si Tudbulul), at “Tudbulul Konul” na inawit ni Sena Kuman. Ang mga Tboli o Tagabili ay naninirahan sa triyanggulo ng Suralla at Polomolok, Timog Cotabato at Kiamba ng Sarangani at katulad ng mga Suban-on, sila ay naninirahan malapit sa tatlong malalaking lawa ng Sebu, Siluton, at Lahit (Casal 1978, 23). Ang lahat halos ng epiko ay nagtatapos sa pagkakaroon ni Tudbulul ng bagong asawa. Ang mga epiko na sinuri rito ay nagmula sa mga mang-aawit na naninirahan sa Lawa ng Sebu.

Katawan at Kahubdan

Sa mga pag-aaral sa mga materyal na kultura ng mga naninirahan sa Timog-Silangang Asya noong 1450 hanggang 1680, ang katawan mismo ang pinakamahalagang *medium* ng kalinangan (Reid 1998, 72). Ibig sabihin, ang katawan ang unang-unang katatagpuan ng materyal na kultura at abanteng pag-unlad ng isang lipunan. Ang pananamit ay isang aspekto ng materyal na kultura na matamang inilalarawan sa mga epiko, taliwas sa Eurosentrikong salaysay ng hubad na mga taong nadatnan nila at kailangang gawing “sibilisado.” Sa isang banda, relatibo rin ang kahubdang ito sa pagsusuri ni Mojares (1997) na nagsabing, “Ang Ilongot na may suot na tansong *anklet* at matitingkad na balahibo ng ibong tariktik sa kaniyang buhok ay walang dudang

tinitingnan ang maputlang misyonerong nakakulay-kaki na ‘mas kulang ang saplot’ kaysa kaniya” (17).

Hubad man o nakasaplot (sa relatibong pagtingin), ang kalinangan ng mga nadatnang katutubo sa kanilang “kahubdan” o “pananamit” ay maaaring tingnan bilang bahagi ng sariling pagpapasiya kundi man “paggiit sa kanilang kalayaan” (Rovillos 2006, 75). Relatibo rin ito para sa katutubo, nasa loobin nila, ang pinagdudukalan ng pagpapasiya hinggil rito, na maaaring iugnay sa konsepto ng *ibang tao* at *hindi ibang tao* (Enriquez 2008, 49-50). Sa helingon na “Tudbulul Konul,” makikita ang pagtawid na ito mula sa loob patungong labas:

Itong malong na may walong
Lupi
Itong gintong kuwintas na
May walong bahagi
Lumakad na itong si Kenaban
Iniladlad ang kanyang malong
Tinakpan ang kanyang dibdib
 (“Tudbulul Konul,” Buhisan 408, lines 1457-1459)

Mahihinuha rito ang hubad na dibdib ni Kenaban, ang kapatid ng bayani. Ang kahubdan at pananamit rito ay nagpapakita ng paggalaw mula loob palabas. Mula sa kaniyang komunidad, si Kenaban ay naglakbay bilang pagsunod sa habilin ng pumanaw na kapatid, si Tudbulul, na hanapin ang huling pananggol ng Lunay Mugul—ang kampilang tumatakbo sa loob ng lawa at kalasag na tumatakbo habang nasa ulap. Sa loob ng komunidad, ipinapakita rito na nakahubad si Kenaban pero nagsasaplot siya ng dibdib kapag maglalakbay na maaaring nagsasabi sa atin ng pagkakaroon nila ng espasyong panloob at panlabas—ng katawan at ekstensiyon nito, ang komunidad, at ang labas dito. Bukod dito, nagiging ritwal ng paghahanda ang pagtatakip ng dibdib ni Kenaban na makikita sa walong lupi ng malong at walong bahagi ng isinuot na kuwintas. Sa pag-aaral ni Meñez (1996, 20), hindi lamang pinatitingkad ng ganitong paghahanda ang imahen para sa mga tagapakinig ng epiko kundi nagbibigay din ng kapangyarihan sa bayani. Si Kenaban, sa kaniyang pagbibihis, ay tinatanganan ang tungkulin ng bayani ng komunidad. Katangian ang ganito ng epikong bayan, ang pagtatanggol sa komunidad ay isinasabalikat ng lalaki o babae mang bayani.

Ang pagbibihis din o pagtatakip ng dibdib na ito, ay ibang-iba sa tinukoy ni Padre Modesto De Castro, nang banggitin ni Urbana sa liham niya sa kapatid na si Feliza ang isdang pesmulier:

Sucat alalahanin nang man~ga namamaling binibini ang malinis na uaní nang isda, na tinatauag na *Pesmulier*. Ang isdang ito, ang sabi, ay may suso sa dibdib, ang palicpic ay malalapad: pagnahuli nang man~gin~gisda, caraca raca ay ibanababá ang palicpic at itinataquip sa dibdib at nang di maquita. (51)

Ibang-iba ang rasyonal ng naturang sipi sa pagdadamit ni Kenaban sa epiko ng mga Tboli. Hindi ang “wastong pagdadala sa sarili” ang punto, kundi ang simbolikal na paghahanda sa pagtatanggol ng komunidad. Ang katawan ay hindi obheto ng pagmamasid, kundi isang suheto na magiging bahagi sa pagsasakatuparan ng pangarap ng tribu.

Kung gayon, mahalagang banggitin na nakabakat din sa mga disenyo ng kanilang paghahabi, ang tnalak, ang “kolektibang imahinasyon ng tribu na nagiging bahagi ng tradisyonal na estilo at itinuturo ng manghahabi sa susunod na mga henerasyon” (Catral 2006, 149). Dahil nakahabi dito ang kolektibang imahinasyon, hindi mapasusubalian ang halaga nito sa pagsasalarawan sa paghahanda ni Kenaban sa kaniyang paglalakbay para hanapin ang kampilang tumatakbo sa loob ng lawa at kalasag na tumatakbo habang nasa ulap. Sa paglabas man ng bayani, dala-dala niya ang hangarin hindi lamang ng indibidwal kundi ng buong komunidad.

Sa guman ng mga Suban-on, mula sa paglikha ng monsala hanggang sa paggamit nito sa paglipad at pagpapagaling ay nakasalalay sa kababaihan:

Sa ilalim ng gintong kulambo
Ay ang baeng si Bayslaga
Nagtatahi ng monsala
Mahusay siya
Sa magandang pagdidisenyo
Hindi masusundan ang disenyo
Mahihilo ka
Mabubulag ka
(sariling salin, “Guman ng Dumalinao,” Malagar 1980, 278, lines 141-148)

Inilalarawan sa siniping bahagi ang “magandang disenyo.” Si Bayslaga ang asawa ni Datu Pombanwa na mga magulang ni Pailalam ri Bolak, isa sa mga bayani ng guman. Ang komplikasyon ng disenyo ay ikahihilo o ikabubulag ng titingin. May sinasabi na ito ay galing o kapangyarihan na magiging papel ng monsala sa pakikipaglaban ng mga babaeng bayaning gagamit sa kaniya. Nabanggit din ito ni Malagar (1980):

Sa guman, ang monsala at singsing na suot ng mga bayani ay may kahanga-hangang kapangyarihan. Pinapalakas ng mga ito ang mahina at walang malay at kahit na ang namatay; muling naibabalik ang kalusugan at lakas, nakapagdadala ng mensahe, nakapagdadala ng mga kabayo para sa digmaan, at nagpapamalas ng ekstraordinaryong kapangyarihan. (sariling salin, 264-265)

Katulad ng tnalak ng mga Tboli, nagiging ekstensiyon ng sariling lakas ang mga materyal na kultura na nalilikha rin ng imahinasyon, at binibigyang buhay sa mga helingon at guman.

Kung ang nililikhang kasuotan at monsala ay nakapagbibigay ng kakaibang lakas para sa mga bayani, gayundin, ang buhok. Likas ang pangangalaga sa buhok sa iba pang katutubo sa Timog Silangang Asya (Mojares 1997, 20): ang paliligo ng buhok, at paglalagay ng langis mula sa iba’t ibang halaman at puno para panatilihin itong maitim, mabango, makintab, at makapal. Parehong mahaba ang pinipiling buhok ng kapwa babae at lalaki. Mauunawaan ito dahil ang buhok ay pinagmumulan ng emanasyon ng sarili (Reid 1988, 79) at nagdadala ng ilan sa kapangyarihan ng tao (80).

Ang kalinangan sa buhok ng mga babae ay mababakat din sa mga epiko. Ang babaeng bayani na si Kenaban ng mga Tboli ay maingat ang pagsusuklay sa kaniyang buhok:

Hindi tumitinag ang babaing
Tangkay
Kumilos ang babaing maunlad
Maingat niyang sinuklay ang kanyang buhok
Maingat na inayos ang hiblang nakalabas
Walang hiblang nakalabas.

(“Si Lemfayan Laan Kdaw at si Tudbulul”, Buhisan 1997, 291, lines 63-67)

Sa mga babaeng Tboli, ang “walang hiblang nakalabas” ay nangangahulugan na nakatali ang buhok sa isang kumpol sa may batok (Casal 1978, 33). Ang buhok na walang hiblang nakalabas ay umaakma sa deskripsiyon ng babae na hindi tumitinag at nagsasabi ng pagiging isang “tangkay” (Buhisan 1997, 355) nito o babaeng mataas ang posisyon sa kaniyang lipunan. Katumbas din ito ng pagsasaayos sa buhok ng bayani ng mga Subanon, halimbawa, na hindi mailulugay maliban ng kaniyang kasintahan (Scott 2010, 27). Bukod dito, naipakita sa epiko na ang estetika nila sa buhok/katawan ay ekstensiyon din ng kanilang pananaw-daigdig:

Kinuha ang suklay na kahoy
Ngayon lang nasuot
Walong ulit na sinuklay
Dahil sa kakapalan ng buhok.
 (“Si Lemfayan Laan Kdaw at si Tudbulul, Buhisan 1997, 329, lines 1182-1185)

Dito, walong ulit na sinuklay ni Lemfayan ang kaniyang makapal na buhok. Ang pag-uulit ng walo ay kababakatan ng pananaw sa daigdig ng mga Tboli:

Ang daigdig ng mga espiritu, anila, ay nasa gitna ng tonok (lupa) ni (at) longit (langit). Ang magkabilang kalawakan nitong kanilang daigdig ay nahahati sa walong antas patungong kalangitan at walong antas pababa ng kalupaan. (Buhisan 1997,105)

Mauunawaan din dito kung bakit walong lupi ang malong at walong bahagi ang kuwintas na isinuot ni Kenaban. Ang katawan, kung gayon, ay bahagi ng mundong kanilang tinitirhan at kanilang pinangangalagaan, at ang kanilang kalinangan ito ay pagsabay sa ritmo nito.

Maaalala rin dito ang kapangyarihan ng buhok si Salaong, ang ina ni Sandayo, isa pang epikong Subanon (Castro 1984). Sa epiko, iniluwal si Sandayo matapos magsuklay ng buhok si Salaong. Dito, si Salaong ang nagsuklay, si Salaong ang nagluwal. Tiyak ang kaniyang galaw tungo sa tunguhin. Ang aktibo niyang partisipasyon sa reproduksiyon ay taliwas sa kumbensiyon ng pasibong babae. Sa huli, ang materyal na kultura ng kababaihan sa dalawang epiko ay nagiging simbolo ng pagpapasiya ng babae sa kaniyang katawan.

Katawan at ang nasà

Sa pagbakat natin sa mga posibilidad ng kababaihan sa mga epiko, mahalaga ring pansinin ang panlipunang praktika ng pagnganganga na tinawag ni Anthony Reid (1988, 42) na pang-araw araw na “social lubricant” sa buong Timog-Silangang Asya. Sa helingon at guman, paulit-ulit itong makikita.

Sa helingon ng mga Tboli na “Kemokul Laendo Nga Logi,” isang awit karugtong sa epiko ng mga Tboli:

Weyeeee eeee eeee
Mahal kong matandang babae Ilang
beses kitang tinanong na subukan
nating manghiwa ng buyo
Kung may manhid pa sa aking dibdib
 (“Kemokul Laendo Nga Logi”, Buhisan 1997, 190,
lines 45-49)

Sa bahaging ito, binanggit ni Kemokul ang paghihiwa ng buyo kasama ang asawang si Nga Ifus o Lenkonul. Para sa mga Tboli, ang gawaing ito ng magkasamang paghiwa ng buyo ay pagsang-ayon sa paggawa ng anak (Buhisan 1997, 238). Inihihimatong nito na may kapasiyahan ang mga babae sa pagbubuntis at pinagpapasiyahan ng mag-asawa ang pagkakaroon ng anak. Makikita rin ang ganitong turing ng komunidad sa *matung* o aborsiyo na umiiral pa rin sa lipunang Tboli. Ang *matung* ay maaari sa sumusunod na kadahilanan: sa pag-abandona ng asawa at pagkakait ng suporta; kapag marami nang anak na hindi mapapakain nang maayos; kapag narumihan ang kaniyang dangal; o kung ayaw niyang maranasan ang hirap ng panganganak (Casal 1978, 93). Malayo ang ganito sa kasalukuyang kalagayan ng mga kababaihan, na bagaman nasa modernong panahon, ay hindi pa rin maangkin ang papapasiya sa katawan.

Ang kahalintulad na turing sa kababaihan na may layang magpahayag ang mahihinuha rin sa “Nga Lindun at si Tudbulul,” awit karugtong ng epiko ng mga Tboli na inawit ni Ye Nita:

“Ano ang pabatid na gusto mong
ipasabi sa amin na isusubok
kay Tudbulul?” “Sabihin mo sa
kanya na padadalhan ako ng
nganga

sabihin mo sa kanya
na padadalhan ako ng buyo
at lulon na dahon ng ikmo,
sabihin mo na ito ay galing
sa isang babae
(Nga Lindun at si Tudbulul p. 245, lines 38-43)

Sa mga linyang ito, pinabatid ng batang babaeng si Nga Lindun sa kumpol ng mga ulap ang hangarin niya na si Tudbulul ay magpadala ng buyo sa kaniya. May paggigiit sa pagnanasa ng babae na bigyan siya ng nganga ng isang lalaki. Kung susuriin, ang gayong pabatid ay “isang imbitasyon para sa pag-ibig” (Reid 1988, 44). Nagpapakita ng sariling pagpapasiya rito si Nga Lindun na mahihinuha rin sa awit karugtong na “Si Lemfayan Laan Kdaw at si Tudbulul”:

Mahal kong may-ari ng
Kabundukan
Gusto mo ng buyo?
Subukan mong ngangain ang buyo
Subukan mo ang aking buyo
Hindi ito makamanhid ng dibdib
Makapagpapawis lamang ito ng
Ilong
(“Si Lemfayan Laan Kdaw at si Tudbulul”, Buhisan 1997, 330, lines 1197-1202)

Sinasabing simbolo rin ng seksuwal na pagtatalik ang init na naibibigay ng buyo (Reid 1988, 44). Kung gayon, ang pag-aalok ng buyo ay nagpapakita ng malayang seksuwalidad para kay Lemfayan. Ang pag-alok ng nganga ni Lemfayan sa may-ari ng kabundukan na si Fu Lutuy, ang noo’y nakabalatkayong si Tudbulul, ay itinuring na hindi naaakma. Sinabi ni Fu Lutuy na may kalokohan ang babae sa pag-alok sa kaniya ng buyo, bagaman, ang naging sagot ni Lemfayan: May kalokohan itong matanda/ May sarili akong kapasiyahan/ Para makibagay sa iba (330, lines 1215-1217). Ang pag-iral ng gayong linya sa helingon ay nagpapakita na nakapagpapahayag ang isang babae ng kaniyang pagnanais. Bagaman, mahihinuha rin na hindi rin naman lubos nakapangyayari ang kababaihan. Pero, ang paggigiit ng sariling pagpapasiya sa ninanais, na naiugit sa kanilang epiko ang nagsasabi sa atin, na kinikilala ang tinig ng babae sa kanilang komunidad.

Mababakat din sa epikong Tudbulol ang ugnayang babae sa babae:

Hedeeeee eeee eeeee,
Dakilang tao si Kembeyen anak
Ni Beniteng
Sila ay magkasamang ngumanga
Ng buyo
Magkasamang ngumanga kahit
Kapuwa babae sila

(“Tudbulol Konul”, Buhisan 1997, 388, lines 861-865)

Nagkaroon ng ugnayan sina Kembeyen at Insa Lenuy na anak ni Datu Kayung. Umakyat si Kembeyen sa Kayung matapos na ngangain niya ang buyo ng nalunod na si Tudbolol. Doon, lahat ng bagay ay pula-araw, langit, kabundukan, kalupaan. Sa Kayung napupunta ang mga namatay sa madugong paraan maging ang mga mandirigmang namatay sa pakikipaglaban (Casal 1978, 119). Doon sa Kayung dumaan panandalian si Kembeyen sa paghahanap ng kabaong para sa bayani na nalunod sa dagat. Ang paglalakbay ni Kembeyen, kung gayon ay hindi lamang para sa yumaong kapatid. May ibang espirital na antas na paglalakbay din siyang natuntun sa pagnganga kasama ang anak ni Datu Kayung. Ayon kay Buhisan, ang ugnayang babae sa babae ay “nasa kamalayan ng sinaunang Tboli...” (1997, 439). Malayo ito sa heterosentrikong pananaw-daigdig sa pagdating ng mga mananakop.

Katawan at pakikibaka

May relatibong mataas na pagtingin sa mga kababaihan sa kanilang mga komunidad bago dumating ang mga mananakop:

Ang mataas na turing sa kababaihan ay kapansin-pansing katangian ng pre-Hispanikong lipunang Filipino, na nakabase sa estruktura ng pamilya sa magkabilang-panig na may malakas na tendensiya ng pagkakapantay-pantay. Ang babae ay pantay sa kaniyang kapatid na lalaki, na ipinapakita ng babaeng mandirigma... (sariling salin, Meñez 1996, 19)

Ang pagtatanggol sa sarili at komunidad ay walang pasubaling sinusuong ng babaeng mga bayani kaiba sa kasalukuyang pagpapaasa ng kababaihan sa “lakas” ng kalalakihan at pagpapaniwala sa kanila na sila ay mahina at maraming pisikal na limitasyon.

Sa “Guman ng Dumalinao,” hindi lamang ang bayaning babae ang may angking bilis sa pagtatanggol sa sarili. Maging si Tinayobo, asawa ni

Samp'lakan na siyang katiwala sa katubigan ng Dliyang'n, ay nagpakita ng kakaibang bilis nang manalasa ang mga mananakop:

Kinuha niya ang kanyang kampilan
at inihagis
sa babaeng si
Tinayobo.

Kung hindi
siya umilag
Ang babaeng si Tinayobo
Ay tinamaan ng kampilan.
Tinamaan at nasira ang dalmba
Mabilis si Tinayobo
Sa mabilis na pagkurap
Muli niyang ibinalik
Ang dalmba ng balay.
(sariling salin, "Guman ng Dumalinao", Buhisan 1997, 285-286,
lines 453-463)

Hindi lamang niya madaling naipagtanggol ang sarili kundi may kapangyarihan din siya para ibalik ang nasirang dalmba (balkon) ng kabahayan sa dati nitong kaayusan. Ang katapangan ng mga babaeng Tboli ay makikita rin kay Kembeyen, sa awit karugtong na "Tudbulol Konul":

Wooooo ooooo ooooo
Ngunit itong lakbay ni Kembeyen
Hindi siya nakilalang babae
Kamukha siya ni Tudbulul

Ang mukha niya'y tulad
Kay Sem-gulang

Magkamukhang magkamukha
Sila
(“Tudbulol Konul”, Buhisan 1997, 384, lines 742- 748)

Dito, sinuot ni Kembeyen ang mga damit at kampilan ni Tudbulul. Maaalala rito ang kahalintulad na pagsusuot ni Matabagka ng damit ng kapatid na si

Agyu na bayani ng mga Manobo para labanan ang mga mananakop sa panahong wala ang kapatid:

Para kay Matabagka, ang pagsusuot ng damit at sandata ng mandirigma na pagmamay-ari ng kaniyang tanyag na kapatid ay nangangahulugan lamang ng kaniyang pagbalikat sa papel nito bilang mandirigma sa mga panahong kailangan ito. (Meñez 1996, 29)

Sa kabilang banda, para kay Kembeyen, ang pagsusuot ng damit ni Tudbulul ay pagpapakita na gaya ng bayani, siya ay may parehas na kakayahan para magamit ang galing ng mga kasuotan at balikatin ang papel bilang mandirigma. Ang ganitong pagdadamit at pananandata ay makikita rin sa iba pang epiko ng mundo tulad ng Iliad, Odyssey, El Cid, at Ramayana, at ang mga makapangyarihang damit at sandata ay lalong nagpapatingkad sa pisikal na kakayahan ng bayani (Meñez 1996, 21).

Nang may mga tangkang magnakaw sa kabaong ni Tudbulul ay ipinagtanggol siya ng kaniyang mga kapatid:

Itong si Kenaban ay naging
Mabangis
Ang kagalang-galang na
Prinsesa ng Kawayang Bentung
Sinabi niyang huwag maaantala
Hooooo oooo oooo
Mamatay ako dito sa dakilang
Tao
Tumagal ang barilan
Nagtagal ito hanggang sa
Ikatlong araw
Hanggang sa madaling-araw
Ng ikaapat na araw
Hanggang sa gabi ng ikalimang
Araw
Hanggang sa madaling-araw
Ng ikaanim na araw
(“Tudbulul Konul”, Buhisan 1997, 397-398, lines 1139-1169)

Makikita na may hibong moderno na ang bahaging ito ng epiko dahil ang labanan ay gumagamit na ng baril. Pero ito ay nagpapatunay lamang na

dinamiko ang epiko at umaakma sa mga pagbabago sa lipunang patuloy na tumatangkilik sa kanya. Pero hindi pa rin naalis rito para ating makita kung paano ang naging gampanin ni Kenaban, bilang babaeng Tboli, na ipagtanggol ang bayani.

Kung tutuusin, ang motif ng pagtatanggol sa bayani ay laging mangyayari sa helingon. Magiging paulit-ulit ang pagsandig ng bayani ng Tboli sa lakas ng kaniyang mga kapatid na babae:

Kailangang makuha mo ang kampilan

Para sa akin

Ang kampilan na tumatakbo

Sa loob ng lawa

Ang kalasag na tumatakbo sa

Kaulapan

(“Tudbulul Konul”, Buhisan 1997, 407, lines 1432- 1434)

Sa bahaging ito, bago mamatay si Tudbulul sa ikalawang pagkakataon ay inihabilin niya sa kaniyang mga kapatid na hanapin ang mga makapangyarihang kampilan at kalasag na pananggalang ng kanilang lugar na Lunay Mugul. Sa puntong ito, may bagong bayaning babaeng lilitaw, si Nga Heniton na bunso sa mga kapatid ni Tudbulul:

Wooooo oooo ooopo

Lumisan itong pinakabunso

Tumalikod sila upang umuwi

Isinuot nila kay Heniton

Ang lahat ng kanyang kasuotan

Tumindig siya at muling nadapa

Wooooo oooo oooo

Lumisan itong si Heniton

Muli’t muli siyang nadapa at

Tumilapon

Gumulong siyang kasama ang kanyang

Mga ari-arian

Dala niya ang kalasag

Tinali niya ang kaluban sa

Kanyang baywang

Itong pinakabunso ay lumisan na

Umupo siya sa hugis buwan na

Tatak ng kalasag

Siya'y umalis
upang dadalaw
Pakilu-kilu at
humakbang ng
Maliliit paitaas
Pakilu-kilu siyang umikot
Sa maliliit na kabundukan

(“Tudbulul Konul”, Buhisan 1997, 413, lines 1609-1626)

Si Nga Heniton ang babaeng bayani na nagsagawa ng “supernatural na paglalakbay” (Meñez 1996, 23). May unibersal itong pagpapakahulugan: Bilang tema ng mga naratibo ng pakikipagsapalaran, ang paglalakbay ng bayani ay nagiging simbolo ng paghahanap sa ispiritwal na pag-unlad. (23)

Dahil hindi pa nakukuha ng mga kapatid na nakatatanda ang habilin ni Tudbulul, nagpasiyang dalawin ni Nga Heniton si Impong Duyung na ina ni Lenkonul (ina ni Tudbulul). Sa kaniya makukuha ng babaeng bayani ang kampilang tumatakbo sa loob ng lawa at kalasag na tumatakbo habang nasa ulap. Katulad ng paglalakbay ng mga bayani, nagbihis din si Nga Heniton, nagdala ng kalasag at kaluban. Sa panahong iyon ay napakabata pa niya, halos hindi pa sanay lumakad at nagkakandarapa sa paglalakad. Katulad ito ng paglalakbay ni Sandayo ng epikong Suban-on na nakalampin pa nang magpaalam na maglalakbay sa kaniyang ina (Castro 1984, 375) o ni Lamang ng epikong Ilokano na “manipis pa ang talampakan” at wala pang siyam na buwan ay naglakbay upang hanapin ang ama (78). Ang espiritwal na pag-unlad na ito ay nagkaroon ng katuparan kay Nga Heniton sa matagumpay niyang pagkuha ng pananggalang na habilin ni Tudbulul at sa pag-uwi niya bilang ganap na tao. Nagkaroon ng pangkabuoang pag-unlad ng katawan at isip si Nga Heniton. At bilang babae ay nakuha rin niya ang antas ng kapangyarihang esoteriko mula kay Impung Duyung. Ang kapangyarihang ito ay maihahalintulad sa kapangyarihan ng mga baylan.

Sa guman ng mga Suban-on, makikita rin ang parehas na kakayahan at tapang ng mga babaeng bayani:
Inatake ng kampilan

Si Benobong Dliyang'n

Araw at gabi ang lumipas
Isang buwan
Nagpatuloy ang laban
Kumupas ang ganda
Ng benobong ri dlibon
Naliligo sa dugo
Ang sarili niya at buhay.
(sariling salin, “Guman ng Dumalinao,” Malagar 1980, 289, lines 621-629)

Sa bahaging ito, si Pailalam ri Bolak na mismo ang nakikipaglaban sa mga mananakop ng kanilang lupain matapos na matalo sa labanan ang kaniyang amang si Datu Pomb’nwa. Katulad ng iba pang bayaning epiko, nagniningning ang kagandahan ni Pailalam ri Bolak:

Batang-bata pa siya
Napakaliit din
Hindi ka makakatingin sa kanya
Sa nagniningning niyang ganda
Na nakakasilaw sa mata
(sariling salin, “Guman ng Dumalinao”, Malagar 1980, 288, lines 555-559)

Mapapansin na ang mga bayani sa mga epiko ay nagniningning tulad ng araw (Meñez 1996, 98). Ang liwanag ay nagmumula rin sa mga damit, alahas, at kagamitang pandigma ng bayani. Ang kagandahan at kaningningan ay itinatapat sa kapangyarihan na nagpapatingkad ng kakayahang ipagtanggol ang sarili at komunidad. Kaiba ito sa konsepto ng kagandahan na namamarali sa kasalukuyan na lalo lamang nagbubunsod ng subordinasyon ng kababaihan. Ang pagniningning ay tinitingnang bahagi ng emanasyon ng kapangyarihan ng bayani.

May kakayahan din ang mga babaeng bayani hindi lamang sa pagtatanggol ng komunidad kundi sa pagpasok sa teritoryo ng kaaway. Iniligtas ni Pailalam, sa bahaging ito, ang kapatid na naging bihag ng ibang tribu:

Sa gitna nila
Dumating si Pailalam
Papalapit sa mga datu
Nang malapit na siya
Nakadaan siya gamit ang golanda

Sa gitna ng maraming lalaki.

(sariling salin, “Guman ng Dumalinao”, Malagar 1980, 322, lines 1941-1946)

Sa siping ito, naging mabisa ang bayanang babae sa paggamit ng sandatang golanda. Ang *golanda* ang uri ng mahabang sandata na gamit lamang ng kababaihan (Malagar 1980, 380). Ang kasanayan sa paggamit ng golanda ay ipinakita ng mga babaeng bayani ng guman. Hindi *damsel in distress* na naghihintay na mapatay o maligtas ang mga babae sa kanilang komunidad. May kakayahan silang makipagdigma. Sa mga linya sa itaas, natagpuan ni Pailalam ri Bolak si Mapas ri Gandaw, kambal ni Datu Maglawe at kapatid ni Pailalam. Pinawalan niya ito at dinala sa mga ulap.

At dinala niya ito sa ulap

Pinaypayan ng kanyang monsala

At pinaikot-ikot ang kanyang singsing

Nahimasman tulad ng dati

Ang datu ng mga tau

(sariling salin, “Guman ng Dumalinao”, Malagar 1980, 322, lines 1957-1961)

Ganito rin ang ginawa ni Benobong Pagl’lokon kay Datu Madlawe sa ibinigay na singsing ni Pailalam ri Bolak:

Lumapit siya sa kanya

Si Benobong Pagl’lokon

Hinawakan sa kamay

At dinala duon

Iniupo sa bangko

At nang makaupo na

Pinaypayan ng monsala

Iniikot ang sising

Ibinalik sa dating lakas

(sariling salin, “Guman ng Dumalinao”, Malagar 1980, 340, lines 2648-2657)

Kung ang ganitong eksena ay posible sa kanilang epiko, may iniihihimatong ito sa katangian ng kanilang komunidad at sa pangkalahatang turing sa kababaihan. Mapapansin na parehas ng kapangyarihan si Pailalam ri Bolak at si Benobong Pagl’lokon. Kapwa sila nakalilipad sa ulap sa pamamagitan ng monsala at gamit din ang monsala o kaya ay singsing ay

naibabalik sa dating lakas ang mga nanghihina sa pakikipaglaban. Bukod dito, ang kapangyarihan ng mga babae ay hindi lamang sa paglikha ngunit sa muling pagsasaayos ng mga nasira ng digmaan:

Walong pagguho ang naganap
Sa giliyan ng Dliyang'n
Pero mabilis kumilos
Si Pailalam ri Bolak
Pinaypay ang kanyang monsala
At nagpaikot ng sising
At nanumbalik muli
Ang giliyan ng Dliyang'n.
(sariling salin, "Guman ng Dumalinao", Malagar 1980, 364, lines
3566-3573)

Sa bahaging ito, dumating sa Dliyang'n sina gobas ri Mitotong at mokom de Madligga. Sa pagdating ng kanilang mga sasakyang pandagat ay nilindol ang giliyan ng Dliyang'n. Pero saglit rin lamang at muling naibalik ni Pailalam ri Bolak ang kaayusan sa kaniyang giliyan. Sa pagsusuri ni Salazar, may mahalagang papel ang kababaihan sa pagpapanatili ng kaayusan, na silang nangunguna sa ritwal upang mapangalagaan ang ugnayan ng mundo ng kalangitan, ng lupa, at ng kailaliman (Salazar 57).

Ang indibidwal na pakikibaka ng mga babaeng bayani ay lalo pang napapatingkad ng kanilang pagsasama-sama.

Mabilis na tumulong
Sina Pailalam ri Bolak

At Benobong Pagl'lokon
Sa dlamba ng balay
Pinaypay nila ang monsala
Kina Datu Madlawe
At nanumbalik sila
At muling nilabanan
Sina Dlamba Silangan.
(sariling salin, "Guman ng Dumalinao", Malagar 1980, 346, lines
2857-2865)

Sa bahaging ito, magkatulong sina Pailalam ri Bolak at Benobong Pagl'lokon sa paggamot sa mga kani-kanilang kapatid na nakikipaglaban.

Nakatayo malapit

Kay Benobong Pagl'lokon
Ay si gobas ri Mitotong;
At nakatayo malapit
Kay Pailalam ri Bolak
Ay si mokom de Madligga
Na kanilang inatake ng golanda.
(sariling salin, "Guman ng Dumalinao", 364, lines 3588-3594)

Sa mga babaeng mandirigma sa mga epiko, ang bagani at baylan ay nagpapakita ng "gender symmetry" o isang relasyong panlipunan na parehas na nagpapahalaga sa lalaki at babae (Meñez 1996, 28). Pero sa epikong Subanon, makikita na hindi lamang natali sina Pailalam ri Bolak at Benobong Pagl'lokon sa kapangyarihan ng pagiging baylan bagkus ay naging mga mandirigma mismo. Nababasag dito ang dibisyon ng gawaing nakabatay sa kasarian. At naipapakita nito na ang babae ay may buong ahensiya sa kaniyang katawan/komunidad upang ipagtanggol at paunlarin ito.

Nakita rin sa itaas ang kanilang pagsasama sa pakikipaglaban sa mga datu ng kahariang Mitotong at Madligga. Ang pagsasama-sama ng mga kababaihan ay hindi lamang mababakat sa guman ng mga Suban-on kundi sa epiko ng mga Tboli:

Ang kalasag na tumatakbo sa kaulapan
Sa lahat ng mga babae
Dapat magkaisa tayong lahat
Upang makamit natin
Ang minimithi
(“Tudbulul Konul”, Buhisan 1997, 409, lines 1478-1481)

Ang pagkakaisang ito ng mga babae para makuha ang habiling pananggalang ni Tudbulul ay isang patunay na ang epiko ni Tudbulul ay “epiko ng mga babae” (Buhisan 1997, 70). Naipapasa ang pagiging mang-aawit ng kanilang epiko o bilang *tau lemingon* o *tau mulung* sa pamamagitan ng panaginip. Sa

panaginip na ito, nagkakaroon siya ng ugnayan sa mundo ng mga espiritu na magbibigay sa kaniya ng kaalaman na may kabutihan para sa buong tribu (Mora 33-34). Sabihin pa, ang kanilang panaginip ay para sa kapakanan ng komunidad.

Kongklusyon

Katulad ng helingon ng mga Tboli na tumutukoy sa awit ng *tao tuha gana* o tao ng sinaunang panahon, sinikap ng papel na lingunin ang estado ng katawan ng babae sa mga epiko upang mabakat ang “malayong nakaraan.” Mahihinuha sa epiko ng mga Tboli at Suban-on ang uri ng relasyong kasarian at seksuwal na nagpapatingkad ng galing, kasanayan, at mataas na turing sa kababaihan. Nakita rin ang kalinangan sa katawan ng mga kababaihan—ang materyal na kultura na mababakat sa pananamit at pagpapalamuti sa katawan at buhok bilang “emanasyon ng sarili.” May sarili silang pagpapahalaga sa kagandahan at kaayusan bilang pagpapakilala sa sarili na kaiba sa ipinataw na kagandahan ng media sa kasalukuyan. Nakita rin na may pagpapasiya sila sa kanilang katawan. Unang-una na rito, ang karapatang magpasiya hinggil sa gawaing reproduksiyon o pagbubuntis. Nabakat din ang malayang seksuwalidad ng mga babaeng may malayang kapasiyahan sa pagkilos, pag-iisip, at pag-ibig na sinuri sa pamamagitan ng pagnganganga. May nabakat ding hibo ng malayang ugnayan na hindi nahahanggahan ng kasarian. At higit sa lahat, ang kapangyarihan sa katawan ay nakita sa kakayahang ipagtanggol ang sariling katawan at komunidad sa mga mananakop at kapangyarihang muling likhain ang nasira ng digmaan. May nabakat ding modelo ng pagkakaisa ng mga kababaihan na hindi nakikita sa kasalukuyang panahon dahil sa pagkakawatak-watak dulot ng selos, inggit, at banidad. Sa pagkabakat natin sa epiko, hindi maituturing na lang ang babae bilang “piitan ng mga imahen ng ganda, bango, mahiyain at mahihinang babae, mga imaheng humahadlang at naglilimita sa kapasidad at kapangyarihan nila na sa aktwal ay naisapamuhay nila sa kasaysayan” (sariling salin, Tadiar 2002, 1).

SINURING EPIKO

Malagar, Esterlina Mendoza. “The Guman of Dumalinao: a Suban-on Epic,” *Kinaadman* 2, 1980, mp.274-380.
Buhisan, Virginia, “Kemokul Laendo Nga Logi (Si Kemokul Walang Anak na Lalake),”

- Ph.D. diss., University of the Philippines, 1997, mp. 189-243.
- _____. Si Nga Lindun at si Tudbulul, 1997, mp. 244-288.
- _____. Si Lemfayan Laan Kdaw at si Tudbulul (Si Lemfayan sa Ilalim ng Araw at si Tudbulul). 1997, mp. 289-357.
- _____. Tudbulul Konul (Si Tudbulul ay Nalunod). 1997, mp. 358-446.

SANGGUNIAN

- Buhisan, Virginia. Tudbulul: ang Awit ng Matandang Lalaking Tiboli bilang salamin ng kanilang lipunan at kalinangan. Ph.D.diss., University of the Philippines, 1997.
- Casal, Gabriel, O.S.B. *Tboli Art in its Socio-Cultural Context*. Makati: Ayala Museum, 1978.
- Castro, Jovita Ventura, ed. Et.al. *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas*. Lungsod ng Quezon: APO Production Unit, Inc., 1984.
- Catral, Erika. Reflections on the Tboli Textile at the Cusp of Socio-Cultural Change. *Tambara* 23, 2006, mp. 143-164
- De Castro, Modesto. *Pag Susulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza*. Manila: Imprenta Y Libera De J. Martinez, 1902. <https://www.gutenberg.org/files/15980/15980-h/15980-h.htm>.
- De Guzman, Odine, ed. *Body Politics: Essays on Cultural Representations of Women's Bodies*. University of the Philippines: University Center for Women's Studies, 2002.
- Demetrio, Francisco. An Overview of Philippine Epics. *Kinaadman* 1, 1979, mp. 9-28.
- Enriquez, Virgilio. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2008.
- Forsberg, Vivian Mildred. *Tboli Medicine and the Supernatural*. Ann Arbor, Mich. : UMI Dissertation Services, 1995.
- Foucault, Michel. *The History of Sexuality*. Vintage Books ed. New York: Vintage Books, 1990.
- Frake, Charles. Sindangan Social Groups. *Philippine Sociological Review* 5, 1957, mp. 2-11.
- Malagar, Esterlina Mendoza. The Suban-on and the Guman: Introductory Essay. *Kinaadman* 2: 1980, mp. 253-273.
- Meñez, Herminia. Folk Epic and Multicultural Education. *Explorations in Philippine Folklore*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University, 1996.

- Mora, Manolete. "The Tudbulul: Structure and Poetics in a Filipino Oral Epic." nasa *Context: Journal of Music Research* 32, 2007, mp. 31-43.
- Reid, Anthony. *Southeast Asia in the age of commerce, 1450-1680*. New Haven and London: Yale University Press, 1988.
- Rovillos, Raymundo, "Representasyon sa Katawan at Katauhan ng Tinguian," nasa *The Journal of History* XLII (Jan-Dec), 2006, 70- 96.
- Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas" nasa *Women's Role in Philippine History: Selected Essays*. Quezon City: UP University Center for Women's Studies at UP Press, 1996.
- Taguiwalo, Judy M. Obrera, "Unyonista: Ang Kababaihan sa Kilusang Paggawa sa Maynila : 1901-1941," PhD. Diss. University of the Philippines, 2007.
- Turner, Bryan, *The Body and Society*, 2nd ed. London: Sage Publications, 1996.
- Tadiar, Nefertina Xina, "Filipinas: Living in a Time of War," nasa *Body Politics: Essays on Cultural Representations of Women's Bodies*. University of the Philippines: University Center for Women's Studies, 2002, mp. 1-18.
- Scott, William Henry, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, Lungsod ng Quezon: Ateneo De Manila University Press, 2010.

—

Si **Maricristh T. Magaling** ay nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Bulacan State University. Nanalo ang kaniyang nobelang *Kalag* sa The Sisa Prize noong 2023.